Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-10 NG MARSO, 1997 ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE............ | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Heidi S. Ciriaco.............. | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas............. | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.. | Kagawad |
| Kgg. Louie c. de Leon.............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez............ | Kagawad |
| Kgg. Celestino D. Pamatmat......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison.............. | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas.............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco........... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor......... | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 063-T'97

KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. GLORIA M. ARROYO NG TULONG-PINANSYAL NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANG MILYONG PISO (P2.M) PARA SA PAGPAPAGAWA NG ISANG MALAKI AT KONKRETONG TULAY NA BABAGTAS SA ILOG NG SANTA CRUZ AT MAG-UUGNAY SA MGA BARANGAY NG SANTISIMA CRUZ AT SANTO ANGEL NORTE NG BAYANG ITO.

**SAPAGKA'T,** matapat na hangarin ng Pamahalaang Bayan ng Santa Cruz, Laguna, na makapagpagawa ng isang malaki at konkretong tulay na babagtas sa ilog ng Santa Cruz at mag-uugnay sa mga barangay ng Santisima Cruz at Santo Angel Norte ng bayang ito;

**SAPAGKA'T,** walang sapat na pondo ang Pamahalaang Bayan upang maisagawa ang pagpapagawa ng nasabing tulay;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Celestino D. Pamatmat at Angelito U. Limjuco at sa pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na mapitagang humiling sa Kgg. Gloria M. Arroyo ng tulong-pinansyal na nagkakahalaga ng Dalawang Milyong Piso (P2.M) para sa pagpapagawa ng isang malaki at konkretong tulay na babagtas sa ilog ng Santa Cruz na mag-uugnay sa mga Barangay ng Santisima Cruz at Santo Angel Norte ng bayang ito.

**PINAGPASIYAHAN PA:** Na magpaabot ng taus-pusong pasasalamat sa **Kgg. Gloria M. Arroyo, Senador ng Bansa,** na nagmamalasakit para sa kapakanan ng bansang ito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Gloria M. Arroyo, Senador ng Bansa, Batasang Pambansa, Lungsod ng Quezon, para sa kaniyang mahalagang tulong, Kgg. Punong bayan, para sa kaniyang kabatiran.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. SANDICHO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTUOO: NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:
DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan